

Ukol sa Mga Bagay na Dapat Bigyan ng Pansin kaugnay sa Pagtugon sa COVID-19 sa mga Elementary, Junior High School, Senior High School atbp. ayon sa Deklarasyon ng State of Emergency batay sa Batas hinggil sa Bukod-tanging Aksyon sa mga Hakbang laban sa Pandemic Influenza atbp.

(Notipikasyon Enero 8, 2021) (Buod)

Kasabay ng paggamit at pagtiyak ng bawat paaralan atbp. ng checklist tungkol sa mga ginagawang hakbang laban sa impeksyon, ayon sa mga sumusunod na bagay at sa “Manwal ng Pangangasiwa sa Kalinisan kaugnay sa COVID-19 sa Paaralan” (*Ilalagay ang link ng bersyon ng pagsasalin), dapat ding tiyakin ng tagapagtatag ang kalagayan ng mga hakbang laban sa impeksyon ng bawat paaralan atbp., at magsagawa ng kinakailangang aksyon at suporta.

1. Pagpapatuloy ng mga Aktibidad na Pang-edukasyon sa mga Paaralan

- Ukol sa pansamantalang pagsasara sa buong pook, kapag isinaalang-alang ang kalagayan at katangian ng impeksyon sa bagong coronavirus sa mga paaralan, at mula rin sa pananaw ng pagsisiguro ng malusog na pag-aaral ng mga bata at epekto sa kanilang isip at katawan, dapat itong iwasan.
- Ukol sa mga mataas na paaralan at paaralan ng bukod-tanging suporta sa mga purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency, ayon sa kalagayan ng impeksyon sa pook, dapat pag-aralan ang tungkol sa pagpapasimula ng halinhinan sa oras ng pagpasok at pag-uwi mula sa paaralan, hiwa-hiwalay na pagpunta sa paaralan at iba pa, at iangat ang antas ng pag-iingat.

2. Mga Hakbang laban sa Impeksyon

(1) Masinsinang Pag-oobserba sa Kalusugan

Dapat maging masinsinan sa pag-oobserba ng kalusugan ng mga batang mag-aaral, mga guro at tauhan bago pumunta sa paaralan/pumasok sa trabaho. Dapat ding magsikap sa pag-oobserba sa kalusugan ng mga batang mag-aaral pagkatapos pumunta sa paaralan, at kung mapansin ng mga guro at tauhan ang masamang kalagayan ng katawan, tugunan ito kaagad.

(2) Pag-iwas sa mga Aktibidad na Mataas ang Peligro ng Impeksyon

A) Mga Aktibidad na Pang-edukasyon na Mataas ang Peligro ng Impeksyon

- Isagawa ang mga aktibidad sa mga subject atbp. ayon sa “Manwal ng Pangangasiwa sa Kalinisan,” at sa mga purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency, pansamantalang suspindihin ang mga aktibidad na nakasulat sa ibaba.

- ✓ Bilang aktibidad na kabahagi sa bawat subject atbp., “mga groupwork atbp. kung saan matagal na magkakarap nang malapitan ang mga batang mag-aaral” at “mga aktibidad kung saan sabay-sabay na magsasalita sa malakas na boses nang malapitan” (★)
- ✓ “Eksperimento at pag-oobserba kung saan kikilos nang malapitan ang mga batang mag-aaral” sa Science
- ✓ “Pag-awit sa koro na isasagawa nang malapitan ng mga batang mag-aaral sa loob ng silid at pagtugtog ng recorder, melodica at iba pang wind instrument” sa Musika (★)

- ✓ “Mga aktibidad ng pagpapahayag at paghanga tulad ng pinagtulangang produksyon atbp. kung saan kikilos nang malapitan ang mga batang mag-aaral” sa Drawing and Crafts, Art at Industrial Arts
- ✓ “Pagsasanay sa pagluluto kung saan kikilos nang malapitan ang mga batang mag-aaral” sa Home Economics at Technology and Home Economics (★)
- ✓ “Ehersisyo kung saan magtitipon sa masikip na lugar ang mga batang mag-aaral” (★) at “ehersisyo kung saan magkakatambal nang malapitan o maghahawakan” sa Physical Education at Health and Physical Education (★)

- Dahil naman mataas ang peligro lalo na sa mga aktibidad na may markang “★”, dapat maingat na pag-aralan kung isasagawa o hindi, kahit pook na hindi nabibilang sa purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency, hangga’t nananatili sa kalat-kalat na pagkakaroon ng taong may impeksyon at hindi kalagayan kung saan walang partikular na sagabal sa sistema ng paghahandog ng medikal na serbisyo. At bukod sa mga aktibidad na nakasulat sa itaas, ukol sa mga aktibidad na mataas ang peligro ng impeksyon tulad ng mga aktibidad na may kaakibat na malakas na pagbigkas nang malapitan ng mga batang mag-aaral atbp. o pisikal na paghahawakan, ehersisyong isasagawa nang nakatanggal ang face mask, at iba pa, dapat suriing muli nang naaangkop ayon sa kalagayan ng impeksyon atbp. sa pook.

B) Physical Education

- ① Hangga’t maaari isagawa sa labas ng gusali. Sa loob ng gusali, masinsinang iwasan ang ehersisyo kung saan magiging matindi ang pagbuga ng hininga.
- ② Sa mga purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency, magsuot ang mga batang mag-aaral ng face mask kapag hindi nagsasagawa ng ehersisyo (pagpapalit ng damit o paghahanda ng kasangkapan atbp.). At hangga’t maaari, aktibidad na isasagawa nang mag-isa ang nilalaman, at isagawa ang mga aktibidad ng maliit na bilang ng partikular na mga tao (pagpasa ng bola sa larong ginagamitan ng bola atbp.) nang naglalaan ng sapat na distansya.
- ③ Kahit sa pook na hindi purok na sakop, dapat sanggunian ang ② at gawin ang nararapat na pagsisikap.

C) Mga Sitwasyon ng Pagkain at Pag-inom tulad ng Tanghalian sa Paaralan, Baong Pagkain, Pagkain ng mga Guro at Tauhan at iba pa

- Upang maiwasan ang mga droplet, dapat gawin ang pagtugon tulad ng hindi ipagharap ang mga mesa, magpigil sa pag-uusap sa malakas na boses at iba pa. Kung hindi maayos ang posisyon ng mga silya o hindi makapaglaan ng distansya upang hindi magpatalsik ng mga droplet, dapat gawan ng paraan tulad ng pagpipigil sa pag-uusap at iba pa. At dapat siguraduhing magsuot ng face mask sa oras ng masayang usapan pagkatapos kumain.

(3) Pagpapatibay ng mga Hakbang laban sa Impeksyon sa mga Aktibidad ng Club

Sa mga purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency, dapat iangat ang antas ng pag-iingat tulad ng pansamantalang paglilimita ng praktis na laro laban sa ibang paaralan, training camp atbp. ayon sa kalagayan ng impeksyon.

At kapag natapos ang mga aktibidad ng club, dapat maging masinsinan sa pagpapatnubay upang magpigil sa pagkain nang magkakasama ang mga mag-aaral.

(4) Mga Bagay na Dapat Bigyan ng Pansin sa Pagkilos sa labas ng Paaralan

Sa mga purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency, dapat patnubayan ang mga batang

mag-aaral atbp. ukol sa pagpipigil ng di-kinakailangang paglabas lalo na mula alas otso ng gabi, at iba pa. Dapat ding maging masinsinan sa malawakang pagpapaalam sa lahat ng mga guro at tauhan.

(5) Mga Hakbang laban sa Impeksyon sa mga Kindergarten

Sumangguni sa notipikasyong ito, at habang binibigyan ng pansin ang “Manwal ng Pangangasiwa sa Kalinisan” at isinasaalang-alang ang mga kondisyong natatangi sa mga maliliit na bata, muling tiyakin at masinsinang gawin ang mga hakbang laban sa impeksyon sa bawat kindergarten.

3. Pangangalaga sa Isip at Damdamin

- Kaugnay sa stress, pambully, pagkiling atbp. na sanhi ng COVID-19, kasabay ng malawakang pagpapaalam ng tanggapan ng konsultasyon (*mga tanggapan ng konsultasyon atbp. na binuksan sa bawat lokal na pamahalaan*) sa lahat ng mga batang mag-aaral, isaalang-alang ang pangangalaga sa isip at damdamin atbp. ng mga batang mag-aaral, tulad ng pagsasagawa ng suporta ng guro, tagapayo atbp. ayon sa pangangailangan.

4. Pagpili ng mga Papasok sa Mataas na Paaralan atbp.

(1) Pagsasagawa ng pagpili ng mga papasok sa mataas na paaralan atbp.

- Ukol sa pagpili ng mga papasok sa mataas na paaralan atbp., dapat gawin ang lahat ng magagawa at isagawa tulad ng naka-schedule, nang walang kaugnayan sa loob o sa labas ng purok na sakop sa deklarasyon ng state of emergency.

(2) Pagiging Masinsinan at Higit pang Pag-aaral sa mga Hakbang laban sa Impeksyon

- Sa mismong araw ng pagpili ng mga papasok sa paaralan, dapat pag-aralan ayon sa pangangailangan ang higit pang mga hakbang laban sa impeksyon, ayon sa kalagayan ng impeksyon sa pook tulad ng pagtugon sa mga aplikanteng may sintomas tulad ng lagnat atbp.

(Sanggunian) Checklist para sa Pagpapatuloy ng mga Aktibidad na Pang-edukasyon sa Paaralan

- Dagdag pa sa pag-unawa sa kalagayan ng kalusugan sa pamamagitan ng pag-oobserba ng kalusugan bago ng pagpunta sa paaralan/pagpasok sa trabaho, nagsisikap ba sa maagang pagtuklas ng taong masama ang kalagayan ng katawan pagkatapos pumunta sa paaralan, at mabilis bang tumutugon nang nakikipagtulungan sa school nurse atbp.?
- Ukol din sa mga guro at tauhan, ginagawan ba ng paraan ang paghahanda ng kapaligiran kung saan madaling kumuha ng bakasyon o magpatingin sa doktor kapag masama ang kalagayan ng katawan?
- Kasabay ng paghimok ng palagiang bentilasyon sa silid-aralan atbp. (kung mahirap, pagbubukas ng buong bintana sa bawat oras ng pahinga man lamang, 1 beses o higit pa sa 30 minuto), pinapatnubayan ba ang mga batang mag-aaral na isaisip ang mainit na pananamit, at tumutugon ba nang ibinabagay sa kalagayan tungkol sa pagsusuot ng damit sa layunin ng pag-iwas sa lamig atbp. sa loob ng paaralan (pagsusuot ng coat, damit na pantaglamig, scarf atbp., paggamit ng kumot na pangkandungan, kumot at iba pa)?
- Nababagay ba sa pag-iisip ng mga aktibidad na naaayon sa antas ng impeksyon sa pook na nakalahad sa Ika-3 Kabanata “Ukol sa mga Hakbang ng Pag-iwas sa Impeksyon sa bawat Kongkretong Sitwasyon ng Aktibidad” ng “Manwal ng Pangangasiwa sa Kalinisan” ang mga aktibidad at paraan ng pag-aaral sa bawat subject?
(* I-check ang ukol sa lahat ng subject)
- Kung may pangangailangang isagawa sa loob ng gusali tulad ng gym ang klase ng Physical Education, masinsinan bang ginagawa ang mga bagay na dapat bigyan ng pansin sa Physical Education tulad ng pag-iwas sa ehersisyo kung saan magiging matindi ang pagbuga ng hininga at iba pa?
- Sa lahat ng mga sitwasyon ng pagkain at pag-inom, kasama ang tanghalian sa paaralan, baong pagkain, pagkain sa loob ng silid ng club, pagkain ng mga guro at tauhan at iba pa, ginagawan ba ng paraan ang pagtugon tulad ng pag-aayos ng posisyon ng mga silya, o pagpipigil ng pag-uusap kung hindi makapaglaan ng distansya at iba pa, upang hindi magpatalsik ng mga droplet? At masinsinan bang ginagawa ang pagpapatnubay na siguraduhing magsuot ng face mask sa oras ng masayang usapan pagkatapos kumain?
- Sa mga aktibidad ng club (kasama ang mga aktibidad bago at pagkatapos noon), nagsasagawa ba ng mga aktibidad na naaayon sa antas ng impeksyon sa bawat pook? Lalo na sa mga mataas na paaralan, kasama bang pinag-aaralan ang pansamantalang paglilimita ng mga aktibidad na mataas ang peligro ng impeksyon ayon sa kalagayan ng impeksyon sa pook?